**Tinig ng Pag-Asa – Voice of Hope (Copyright 2020 Vanda Marie Macion Brady)**
**Composed by Vanda Brady**
**Produced & Arranged by Diwa de Leon**
**Lyrics by Vanda Brady & Divine Gil, Translated by Joy Watford**

| Tinig ng Pag-asa | Voice of Hope |
|---|---|
| 1 | 1 |
| Masdan niyo kung kayo'y may panahon | Take a look, if you have time to spare |
| Mga katulad kong kung saan-saan naroroon | You'll see people like me everywhere |
| Naliligaw, Iniiwan | Lost or left behind |
| Nagkakalat sa lansangan | Roaming the streets |
| Wala nang magandang natututunan | With nothing good to learn |
| | |
| CHORUS | CHORUS |
| Ang kabataan ang lakas ng bayan | The youth are the nation's strength |
| Pilipinong di dapat pinababayaan | We're Filipinos who shouldn't be neglected |
| Ituro niyo sa akin kung ano ang dapat kong gawin | Teach me what I should do |
| Ako'y inyong akayin sa landas na dapat piliin | Guide me towards the right path |
| | |
| Hwag hayaang maligaw | Don't let me go astray |
| Kailangan ng gabay gabi at araw | I need your guidance day and night |
| Ang bukas ko'y nasa kamay ninyo | My future is in your hands, |
| Hindi ba? | Is it not? |
| | |
| 2 | 2 |
| Mahirap man o mayaman | Rich or poor alike |
| Di alam kung saan nagtungo ang magulang | We don't know where our parents are |
| Nakababad sa kung ano man ang pinaglilibangan | Too absorbed in things that pass the time |
| Walang sumasaway dahil bata pa naman | With no one to tell us no because we're still young |
| | |
| CHORUS | CHORUS |
| | |
| 3 | 3 |
| Kami ang tagapamana ng hinaharap | We are the heirs to the future |
| Kay taas at kay ganda ng mga pangarap | With big and beautiful dreams |
| Para sa ating bansa, ngunit saan magsisimula? | for our country, but where should we even start? |
| Ngayon kailangan ang inyong pagkalinga | We need your protection now |
| | |
| CHORUS | CHORUS |
| CODA | CODA |
| | |
| Kami ang yaman at lakas ng bayan | We are the wealth and strength of our nation |
| Ang batang Pilipino, huwag dapat pabayaan | Don't abandon the Filipino youth |